LOS ANGELES COUNTY
REGISTRAR-RECORDER/COUNTY CLERK

DEAN C. LOGAN
Registrar-Recorder/County Clerk

# PANSININ BOTANTE: KINAKAILANGAN NG AKSYON

Natanggap ng aming tanggapan ang iyong balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, ngunit ito ay hindi pirmado o ang ibinigay na pirma ay hindi tumutugma sa (mga) pirma sa iyong rekord ng botante. Ang iyong pirma na nagpapatunay sa iyong pagiging karapat-dapat ay kinakailangan ng batas. Upang matiyak na ang iyong balota ay mabibilang, ang Pahayag na ito ay dapat kumpletuhin at ibalik sa lalong madaling panahon. Ang pirmang ibinigay sa nakumpletong Pahayag ay maaaring idagdag sa iyong rekord ng pagpaparehistro upang magamit para sa mga layunin ng paghahambing ng pirma sa mga halalan sa hinaharap.
**Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa (800) 815-2666, opsyon 2.**

# PAHAYAG NG PAGPAPATIBAY NG PIRMA AT DI-PIRMADONG BALOTA

**Kumpletuhin at ibalik ang pahayag na ito upang matiyak na mabibilang ang iyong balota.**

Ako, ________________________________________ , ay isang rehistradong botante ng County ng Los Angeles, Estado ng California.
Ilimbag Ang Iyong Buong Pangalan

Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na nakatanggap ako at nagbalik ng isang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Ako ay residente ng presinto kung saan ako bumoto, at ako ang taong ang pangalan ay makikita sa sobre ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Naiintindihan ko na kung ako ay gumawa o magtangka ng anumang pandaraya na may kaugnayan sa pagboto, o kung ako ay tumulong o nakibahagi sa pandaraya o nagtangka na tumulong o nakibahagi sa pandaraya na may kaugnayan sa pagboto, ako ay maaaring mahatulan ng isang peloni na maaaring parusahan ng pagkakulong ng 16 na buwan o dalawa o tatlong taon. Naiintindihan ko na ang aking hindi pagpirma sa pahayag na ito ay nangangahulugan na ang aking balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay mawawalan ng bisa. Ipinahahayag ko pa na hindi ako bumoto at hindi boboto ng higit sa isang balota sa halalan na ito.

**PIRMA NG BOTANTE** X ________________________________________ Petsa____________________
Huwag ilimbag ang iyong pangalan (ang kapangyarihan ng abugado ay hindi tinatanggap)

Tirahan ng Botante:______________________________ Lungsod:______________________Kodigo Postal: __________

(Testigo) X ______________________________________________________________
Kung ang botante ay hindi *makapirma*, maaaring gumawa ng marka ang botante na masasaksihan ng isang tao.

# MGA OPSYON SA PAGBABALIK

**Ang paunawa na ito ay dapat matanggap bago ang ika-5 ng hapon sa ika-4 ng Marso, 2025**

**TEXT NA MENSAHE**
I-text ang “**LA Ballot Cure**” sa **28683** at sundin ang mga idinidikta upang isumite ang iyong lagda sa elektronikong paraan. Kapag diniktahan, ilagay ang iyong natatanging ID ng Botante:

**MAG E-MAIL / FAX**
Mag e-mail sa **votebymail@rrcc.lacounty.gov** o mag-fax sa **(877) 614-1127** o **(562) 232-7924**

**KOREO**
Ibalik sa koreo sa nakalakip na sobre. Kung wala sa iyo ang nakalakip na sobre, maaaring gamitin ang isang personal na sobre at ipadala ito sa **Vote by Mail Section, Registrar-Recorder/County Clerk, PO Box 54187, Los Angeles, CA 90099-4684**

**NANG PERSONAL**
Ibalik sa 12400 Imperial Highway, Silid 3002, Norwalk, CA 90650 sa normal na mga oras ng negosyo, **Lunes-Biyernes** mula **ika-8 ng umaga hanggang ika-5 hapon.**

**SENTRO NG PAGBOTO O KAHONG HULUGAN NG BALOTA**
Maaari mong ihulog ang iyong Pahayag sa alinmang Sentro ng Pagboto o Kahong Hulugan ng Balota bago ang ika-8 ng hapon sa **Araw ng Halalan, Ika-25 ng Pebrero, 2025**.